REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

NECITO M. GUICO
KALIHIM SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
DATE:
BY:

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 98-011**

**KAUTUSAN NA NAGSUSUSOG SA SEKSIYON 20-4 NG KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 96-66 NA KILALA BILANG "ORDINANSA PARA SA MGA TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA, TAONG 1996."**

***********************************************************************

Ipinanukala ni: **KON. LUCIO B. CONSTANTINO**

***********************************************************************

**SAPAGKAT,** ang ***Kautusang Panlungsod Bilang 96-66*** ay isang komprehensibong kautusan na malawak ang saklaw kaya pagkatapos ng mahabang panahong pagpapatupad ay ngayon lamang nakikita at lumilitaw ang mga kakulangan nito;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng ***Kautusang Panlungsod Bilang 96-66*** ang kahalagahan ng isang samahan ng mga may-ari ng mga traysikel at mga drayber nito sa bawat sona (TODA) upang maging katuwang ng Pamahalaang Lungsod na mapanatili ang kalinisan;

**SAPAGKAT,** nang pinagtibay ang ***Kautusang Panlungsod Bilang 96-66*** noong *ika-29 ng Abril, 1996* ay hindi nagkaroon ng malayong pananaw na maaaring may mga sonang hihigit pa sa limang daang (500) awtorisadong yunit ng mga traysikel ang kailangan upang matugunan ang pangtransportasyong pangangailangan ng mga mamamayan dito;

**SAPAGKAT,** kapag ang isang TODA ay labis-labis na ang dami ng mga kasapi dala ng dami ng awtorisadong yunit ng traysikel sa isang sona mahirap na itong kontrolin ng pamunuan at maging ang mga kasapi ay mawawalan ng tiwala sa pamunuan kaya hindi kaayusan at katahimikan ang iiral sa sonang nabanggit,

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** Ang Seksiyon 20.4 ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-66 na nagtatakda ng sumusunod ay binabago at sinusugan:

> **"SEKSIYON 20.4** – Kinakailangang isa lamang ang TODA sa bawat sona ng traysikel na dapat ay rehistrado sa Securities and Exchange Commission at pinagtibayang-totoo ng Sangguniang Panlungsod matapos ang rekomendasyon ng MTFRB."

Ang bagong probisyon ay babasahin ayon sa sumusunod:

**SEKSIYON 20.4** - Kinakailangang isa lamang ang TODA sa bawat sona ng traysikel na may awtorisadong yunit na hindi hihigit sa 500.

**20.4.1** – Sa mga sonang may higit sa 500 ang awtorisadong yunit, pinapayagang magkaroon ng dalawang TODA kung nanaisin ng higit sa 50% ng kabuuang kasapi nito.

**20.4.2** – Ang mga sonang may dalawang TODA na bago pa man isinabatas ang K.P. 96-66 ay mananatiling dalawa ang TODA.

**20.4.3** – Ang mga TODA sa isang sona ay may pantay-pantay na karapatan sa ilalim ng K.P. 96-66.

**20.4.4** – Ang bawat TODA sa bawat sona ng traysikel ay dapat rehistrado sa Securities and Exchange Commission at pinatibayang-totoo ng Sangguniang Panlungsod matapos ang rekomendasyon ng MTFRB.

**Seksiyon 2.** Sugnay na nagbibigay Bisa. - Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong 9 Nobyembre 1998, sa kanilang ika-17 Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

| | |
|---|---|
| **ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |
| **MGGL. RAUL R. CORRO**<br>Konsehal | **DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**<br>Konsehal | **ELMER S. ESPELETA**<br>Konsehal |
| **MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**<br>Konsehal | **REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |

**BAL NIEFES**
Konsehal

**LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
Konsehal

**MARIO E. BULAY, JR.**
Konsehal

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Punongbarangay

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 11-24-98

Nory

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196